# TB

# Protektahan ang Iyong Pamilya at Mga Kaibigan mula sa Tuberculosis

## Ang Imbestigasyon sa Contact (pakikipagsalamuha) sa may TB







**Centers for Disease Control and Prevention**
National Center for HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, and TB Prevention

**English Version Included**



# Ano ang Nasa Loob:

Basahin ang pulyetong ito ngayon upang malaman kung paano protektahan ang iyong pamilya at mga kaibigan mula sa TB. Pagkatapos ay ibahagi ito sa mga taong kasama mo sa iyong buhay.

# Mga Nilalaman


Kahit sino ay maaaring makakuha ng TB.......................... 5

Sundin ang mga tip ni Ramona .......................................... 6

Pakikipag-usap sa iyong manggagawang pangkalusugan.......................................................... 6

Bigyan ng kasagutan ang mga tanong mo ..................... 7

Isang pahayag hinggil sa mga pakikipagsalamuha .....10



## Alam mo ba?

Ang mga tao na may sakit na TB ay nakakapagpasa ng mga mikrobyo ng TB sa iba. Ngunit kung iinumin nila ang gamot sa TB sa tamang paraan, hindi nila maipapasa ang mga mikrobyo ng TB sa iba.

> “Walang sinuman ang gustong mag-isip na nahawahan nila ng TB ang isang tao.”

## Maaaring magkaroon ng TB ang sinuman

Kung mayroon kang sakit na TB, ginagawa mo ang wastong bagay na dapat mong gawin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga pangalan ng mga taong nakasalamuha mo noong maaari mo pang ipasa ang mikrobyo ng TB sa ibang tao. Sa pagtulong sa iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa pagsasagawa ng isang imbestigasyon sa pakikipagsalamuha, tinutulungan mo ang iyong pamilya at mga kaibigan na manatiling nasa maayos na kalagayan. At tumutulong kang tiyakin na manatiling malusog ang iyong komunidad.


### Narito ang mga sinabi ni Ramona tungkol sa imbestigasyon sa pakikipagsalamuha:

"Hiningi ng aking manggagawang pangkalusugan ang mga pangalan ng aking *mga contact,* mga taong nakasalamuha ko bago ako nagpagamot—noong maipapasa ko pa sa ibang tao ang mga mikrobyo ng TB. Sinabi ng aking manggagawang pangkalusugan na kailangan niyang magsagawa ng isang *imbestigasyon sa pakikipagsalamuha.* Nangangahulugan ito ng pagtawag o pagbisita sa mga tao upang ipaalam sa kanila na kailangan nilang masuri para sa TB. Alam ko na kailangan ng pamilya ko at ng mga kaibigan ko na malaman kung mayroon silang TB, kaya, gumawa kami ng isang listahan ng mga contact ko nang magkakasama."

### Paano kumakalat ang TB?

Ang mga mikrobyo ng TB ay naipapasa sa pamamagitan ng hangin kapag ang isang tao na may sakit na TB ay umubo, tumawa, kumanta, o bumahing. Kahit na sinong nasa malapit ay makakalanghap ng mga mikrobyong ito at makakakuha ng impeksyong TB. Ang mga tao na may impeksyong TB ay hindi makakapagpasa ng mga mikrobyo ng TB sa ibang tao. Ngunit kung hahayaang hindi nagagamot, ang impeksyong TB ay maaaring maging sakit na TB.







# Ang magandang balita, ang TB ay naiiwasan, nagagamot, at napapagaling.

## Sundin ang mga tip ni Ramona:

- Isipin ang mga contact mo. Ang mga contact ay mga miyembro ng pamilya, kaibigan, kapitbahay, katrabaho, at ibang nakasalamuha mo noong ikaw ay may sakit.
- Ibigay ang mga pangalan ng contact mo sa iyong manggagawang pangkalusugan. Huwag hayaang pigilan ka ng kahihiyan sa paglilista ng mga tao na maaaring napasahan mo ng mga mikrobyo ng TB.
- Isipin kung paano kang nakakatulong sa mga taong nakapaligid sa iyo na manatiling malusog. Protektahan ang iyong pamilya at mga kaibigan.
- Alamin ang lahat ng maaari mong malaman tungkol sa TB.

## Pakikipag-usap sa iyong manggagawang pangkalusugan:

Ang iyong manggagawang pangkalusugan ay maaaring magtanong sa iyo ng ilan o ng lahat ng mga katanungang ito sa panahon ng imbestigasyon ukol sa mga nakasalamuha mo.

### Tungkol sa iyong mga sintomas:

Ang iyong manggagawang pangkalusugan ay maaaring magtanong ng: “Gaano katagal ka nang inuubo?” “Kailan ka nag-umpisang magkasakit?”

### Tungkol sa mga lugar na pinuntahan mo:

Ang iyong manggagawang pangkalusugan ay maaaring magtanong ng, “Nasaan ka noong nakakaramdam ka na mayroon kang sakit at umuubo? Saan ka nakatira noon? Pumapasok ka ba noon sa paaralan? Saan ka umiistambay noon kapag wala ka sa tahanan o nagtatrabaho?”

### Tungkol sa mga tao na nakasalamuha mo:

Ang iyong manggagawang pangkalusugan ay maaaring magtanong ng, “Sino ang mga miyembro ng pamilya, kaibigan, kapitbahay, at mga kasama sa trabaho ang nakasalamuha mo habang umuubo?”

## Bigyan ng sagot ang mga tanong mo.

### Kokontakin ba ng aking manggagawang pangkalusugan ang lahat ng tao na inilista ko?

Ang iyong manggagawang pangkalusugan ay magdedesisyon kung sinong tao ang kailangang kontakin batay sa impormasyong ibinigay mo. Mahalagang makontak ng manggagawang pangkalusugan ang mga tao na maaaring nahawahan mo ng mga mikrobyo ng TB. Ang iyong mga kaibigan, mga miyembro ng pamilya, kasamahan sa trabaho, o mga kamag-aral na ito ay maaaring may impeksyong TB. Nangangahulugan iyon na mayroon silang dormant (natutulog) na mga mikrobyo ng TB sa kanilang katawan, kaya maaaring hindi nila nararamdaman na sila ay may sakit. Kung magagamot sila para sa impeksyong TB, hindi sila magkakaroon ng sakit na TB. Kung mayroon na silang sakit na TB, kailangang gamutin sila agad.

### Paano naman ang tungkol sa aking pagkapribado?

Ang ilang tao na may sakit na TB ay natatakot na mawalan ng trabaho kung malalaman ng iba na nagpasa sila ng mga mikrobyo ng TB sa mga tao sa trabaho. Ang iba ay maaaring nag-aalala na tatanggihan sila ng kanilang mga kaibigan at pamilya. Ang dapat mong malaman ay pananatilihing pribado at personal ang impormasyong iyong ibinahagi sa manggagawang pangkalusugan.

### Kung kailangang kausapin ng iyong manggagawang pangkalusugan ang iyong superbisor:

Ang iyong manggagawang pangkalusugan ay magiging maingat na maingat kapag nakikipag-usap sa mga tao sa iyong trabaho. Sa karamihan ng mga kaso, isang imbestigasyon sa contact ang maaaring isagawa nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan. Ibibigay LAMANG sa isang superbisor ang iyong pangalan kung kailangan ito upang matiyak na ang tamang tao ang masusuri para sa TB. Hihilingin ng manggagawang pangkalusugan sa iyong superbisor na huwag ibigay sa mga katrabaho mo ang iyong pangalan.



## Gagawin ng iyong mga manggagawang pangkalusugan ang lahat ng kanilang magagawa upang protektahan ang iyong pagkapribado.

- Ang iyong manggagawang pangkalusugan ay magsasagawa ng mga hakbang upang tiyakin na hindi babanggitin sa isang imbestigasyon sa contact ang iyong pangalan. Kahit pa alam na ng iyong contact na mayroon kang TB, hindi ibibigay ng iyong manggagawang pangkalusugan ang iyong pangalan.
- Sa mga doktor, nars, at iba pang mga manggagawang pangkalusugan lamang na nangangalaga sa iyo ibibigay ng iyong manggagawang pangkalusugan ang pangalan mo.

## Ang iyong manggagawang pangkalusugan ay maaaring:

- Tumawag o bumisita sa mga tao na pinangalanan mo.
- Makipag-usap sa grupo ng tao sa iyong trabaho, paaralan o lugar na sambahan.

Imumungkahi ng iyong manggagawang pangkalusugan na ang mga contact ay sumailalim sa isang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB at magbigay ng impormasyon kung saan magpapasuri.

“Sinabi sa amin ng isang nars na nakasalamuha namin ang isang may sakit na TB at maaaring mayroon kaming impeksyong TB. Sinabi niya na kapag mayroon na nga kaming impeksyong TB at hindi nagpagamot, maaari kaming tumuloy sa pagkakaroon ng sakit na TB. At maaaring dahil dito ay lumala nang husto ang aming sakit. Pupunta kami ngayon sa klinika para sumailalim sa isang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB.”





## Isang pahayag para sa mga contact:

### Ano ang dapat mong gawin kung pinangalanan ka na isang contact ng isang tao na may sakit na TB?

**UNA:** Tatawagan ka sa telepono ng isang manggagawang pangkalusugan o pupuntahan ka niya para makipagkita sa iyo. Hindi sasabihin sa iyo ng manggagawa ang pangalan ng tao na maaaring nagpasa ng mga mikrobyo ng TB sa iyo.

**KASUNOD:** Pagkatapos na makipag-usap sa iyo, maaaring magmungkahi ang isang manggagawang pangkalusugan na magpatingin ka sa isang doktor o nars para sa isang eksaminasyon. Maaaring kabilang sa eksaminasyon ang isang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB at isang x-ray sa dibdib.

**PINAKAHULI:** Kung mayroon kang impeksyong TB, gamutin mo na iyan ngayon. Sundin ang payo ng iyong manggagawang pangkalusugan. Ihinto ang impeksyong TB bago ka pa tumuloy sa pagkakaroon ng sakit na TB.

## Kung kokontakin ka ng isang manggagawang pangkalusugan:

Kausapin ang manggagawang pangkalusugan. Alamin ang lahat ng maaaring malaman tungkol sa TB. Sumailalim sa isang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB kung sasabihin ng manggagawang pangkalusugan na kailangan mo ito.



## Pakikipag-usap sa pamilya at mga kaibigan.

Hindi naiintindihan ng ilang tao kung paanong kumakalat ang TB at kung paano ito ginagamot. Maaaring natatakot sila na magkakaroon sila ng TB dahil sa paggamit nila ng mga platong kinainan o mga basong ininuman ng isang tao na may TB. Maaaring makatulong kung ibabahagi mo ang mga katotohanang nalaman mo tungkol sa TB sa iyong pamilya at iba pang malalapit sa iyo, lalong lalo na kung nag-aalala sila sa kanilang kalusugan o sa iyong kalusugan. Maaaring mabawasan ang mga kinatatakutan nila kung malalaman nila ang mga katotohanan.



**Ang TB ay isang seryosong sakit.**

Kung mayroon kang sakit na TB, ginagawa mo ang tama sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pangalan ng mga taong nakasalamuha mo sa iyong manggagawang pangkalusugan. Kung alam mo na nakasalamuha mo ang isang tao na may sakit na TB, tumawag sa iyong doktor o sa klinika at itanong ang tungkol sa pagkakaroon ng isang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB.

## Pagtatakda ng isang pagpapatingin para sa iyong pagsusuri sa balat o dugo para sa TB:

Petsa: ______________________________

Oras: ______________________________

Lokasyon: ___________________________

Telepono: ___________________________

Pangalan ng manggagawang pangkalusugan o klinika:

____________________________________

## Magsagawa ng mga hakbang upang makontrol ang TB.

**GAWIN ITO PARA SA IYONG KALUSUGAN — GAWIN ITO PARA SA IYONG PAMILYA.**



### Gumawa ako ng mga hakbang upang protektahan ang aking pamilya.

"Una ay ibinigay ko ang pangalan ng mga taong nakasalamuha ko sa aking manggagawang pangkalusugan. Pagkatapos ay nagpasuri para sa TB ang aking pamilya. Ang bawat isa ay sumailalim sa isang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB. Sumusunod kami sa payo ng aming doktor at gumagawa ng mga hakbang upang protektahan ang aming kalusugan. At mahalaga iyon para sa amin."

## Mga Dapat Tandaan

## Mga Dapat Tandaan

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TB, tumawag sa iyong lokal na departamento ng kalusugan sa**

o bisitahin ang website ng CDC Division of Tuberculosis Elimination sa

**http://www.cdc.gov/tb**

Pinaunlad sa pakikipagtulungan sa Global Tuberculosis Institute sa Rutgers, The State University of New Jersey

Nilikha noong 2008 | In-update noong 2014

CS252981-G

# TB

# Protect Your Family and Friends from Tuberculosis

## The TB Contact Investigation







**Centers for Disease Control and Prevention**
National Center for HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, and TB Prevention




# What's Inside:

Read this brochure today to learn how to protect your family and friends from TB. Then share it with people in your life.

# Contents

Anyone can get TB ........ 5
Follow Ramona's tips ........ 6
Talking with your healthcare worker ........ 6
Get your questions answered ........ 7
A word for contacts ........ 10



## Did you know?

People with TB disease can pass TB germs to others. But if they take the TB medicine the right way, they won't pass TB germs to others.

> "No one likes to think they have given someone TB."

## Anyone can get TB

If you have TB disease, you are doing the right thing by sharing the names of people you spent time with when you were able to pass TB germs to others. By helping your doctor or healthcare provider to do a TB contact investigation, you are helping your family and friends stay well. And you are helping to make sure your community stays healthy.


### Here is what Ramona had to say about contact investigation:

"My healthcare worker asked for the names of my *contacts,* people I spent time with before I got treatment—when I could still pass TB germs on to others. My healthcare worker said she needed to do a *contact investigation.* This means calling or visiting people to let them know they should be tested for TB. I knew my family and friends needed to find out if they had TB, so, together we made a list of my contacts."

### How is TB spread?

TB germs are passed through the air when a person who is sick with TB disease coughs, laughs, sings, or sneezes. Anyone nearby can breathe in these TB germs and get TB infection. People with TB infection cannot pass TB germs to others. But if left untreated, TB infection can turn into TB disease.








# The good news is that TB can be prevented, treated, and cured.

## Follow Ramona's tips:

- Think about your contacts. Contacts are family members, friends, neighbors, co-workers, and others who spent time with you when you were sick.
- Give the names of your contacts to your healthcare worker. Don't let being embarrassed keep you from listing people you may have given TB germs.
- Think of how you are helping those around you stay well. Protect your family and friends.
- Learn all you can about TB.

## Talking with your healthcare worker:

Your healthcare worker may ask you some or all of these questions during the contact investigation.

### About your symptoms:

Your healthcare worker may ask: "How long have you been coughing?" "When did you first start to feel sick?"

### About places you have been:

Your healthcare worker may ask, "Where did you spend time when you were feeling sick and coughing? Where did you live? Did you go to school? Where did you hang out when you were not at home or working?"

### About people you spent time with:

Your healthcare worker may ask, "Who are the family members, friends, neighbors, and co-workers you've spent time with while coughing?"

## Get your questions answered.

### Will my healthcare worker get in touch with all the people I listed?

Your healthcare worker will decide which people need to be contacted based on the information you give. It is important for the healthcare worker to be in touch with people you may have given TB germs. These friends, family members, co-workers, or classmates may have TB infection. That means they have dormant (sleeping) TB germs in their body, so they may not feel sick. If they get treatment for TB infection, they won't get sick with TB disease. If they already have TB disease, they will need treatment right away.

### What about my privacy?

Some people with TB disease are afraid they will lose their job if others learn they passed TB germs to people at work. Others may be worried their friends and family will reject them. What you need to know is that the information you share with the healthcare worker is kept private and personal.

### If your healthcare worker has to talk with your supervisor:

Your healthcare worker will be extra careful when talking to people at your work. In most cases, a contact investigation can be done without giving your name. Your name will ONLY be given to a supervisor if it is needed to make sure the right people get tested for TB. The healthcare worker will ask your supervisor to not give your name to your co-workers.



**Your healthcare workers will do everything they can to protect your privacy.**

- Your healthcare worker will take steps to make sure your name is not mentioned in a contact investigation. Even if your contact already knows that you have TB, your healthcare worker will not give out your name.
- Your healthcare worker will only give your name to doctors, nurses, and other healthcare workers who are taking care of you.

## Your healthcare worker may:

- Call or visit the people you name.
- Talk to a group of people at your work, school, or place of worship.

Your healthcare worker will suggest the contacts get a TB skin test or TB blood test and provide information on where to get tested.

“A nurse told us we had been around someone with TB disease and we might have TB infection. She said if we do have TB infection and don’t get treatment, we can go on to get TB disease. And that can make us very sick. We’re going to the clinic today to get a TB skin test or TB blood test.”





## A word for contacts:

### What should you do if you have been named as a contact of someone with TB disease?

**FIRST:** A healthcare worker will call you on the phone or come to see you. The worker will not tell you the name of the person who may have passed TB germs to you.

**NEXT:** After talking to you, a healthcare worker may suggest that you see a doctor or nurse for an examination. The exam may include a TB skin test or TB blood test and a chest x-ray.

**FINALLY:** If you have TB infection, take control now. Follow your healthcare worker's advice. Stop TB infection before you go on to get TB disease.

### If a healthcare worker contacts you:

Talk with the healthcare worker. Find out all you can about TB. Get a TB skin test or TB blood test if the healthcare worker says you need one.



### Talking with family and friends.

Some people do not understand how TB is spread or how it is treated. They may be afraid of getting TB from sharing dishes or drinking containers with someone who has TB. It may be helpful to share the facts you have learned about TB with your family and others who are close to you, especially if they are worried about their health or your health. Learning the facts may help lower their fears.



**TB is a serious disease.**

If you have TB disease, you are doing the right thing by giving names of people you have spent time with to your healthcare worker. If you know you have been around someone with TB disease, call your doctor or clinic and ask about getting a TB skin test or TB blood test.

## Setting up an appointment for your TB skin test or TB blood test:

Date: ______________________________

Time: ______________________________

Location: ______________________________

Phone: ______________________________

Name of healthcare worker or clinic:

______________________________

## Take steps to control TB.

**DO IT FOR YOUR HEALTH — DO IT FOR YOUR FAMILY.**



### I took steps to protect my family.

"First I gave names of people I spent time with to my healthcare worker. Then my family got tested for TB. Everyone had a TB skin test or TB blood test. We are following our doctor's advice and taking steps to protect our health. And that's important to us."

# Notes

# Notes

**For more information on TB, call your local health department at**

or visit the CDC Division of Tuberculosis Elimination website at
[http://www.cdc.gov/tb](http://www.cdc.gov/tb)

Developed in partnership with the Global Tuberculosis Institute at Rutgers, The State University of New Jersey

Produced 2008 | Updated 2014

CS252981-G